No stamp required
if posted in Australia

Medicare Australia
Reply Paid 9822
IN YOUR CAPITAL CITY

Delivery address:
GPO Box 9822
IN YOUR CAPITAL CITY

Australian Government
Medicare Australia

Pag-claim ng iyong rebate sa Medicare sa klinika ng doktor

Magsasara ba ang aking lokal na tanggapan ng Medicare?

Hindi. Marami pa ring mga trabahong maaaring gawin ng mga kawani sa tanggapan ng Medicare, kabilang ang pagpoproseso ng mga pagrerehistro ng organ donor, pagtatasa ng mga komplikadong mga claim at pagsagot sa iyong pangkalahatang mga pagtatanong. Kami ay nagbibigay din ng malawak na hanay ng mga serbisyo at kabayarang pampamahalaan katulad ng Family Assistance.

Paano ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bisitahin ang iyong	lokal na tanggapan ng Medicare
Tumawag sa	**132 011***
TTY	**1800 552 152**** (Para sa may kapansanan sa pandinig at pagsasalita)
TIS	**131 450*** (Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete)
Sumulat sa	**Medicare Australia GPO Box 9822 sa iyong kabiserang syudad**
Magpadala ng email sa:	**medicare@medicareaustralia.gov.au**
Maglog-on sa:	**www.medicareaustralia.gov.au**

Kung kailangan mo ng tulong sa pagsasaling-wika ng impormasyong ito, tumawag sa Serbisyo ng Pagsasaling-wika at Pag-iinterprete sa 131 450*.

Arabic - فيمكنك الإتصال بخدمة الترجمة التحريرية إذا إحتجت الى مساعدة في ترجمة هذه المعلومات والشفهية على الرقم 131 450

Korean - 본 정보의 이해를 위해 번역사의 도움이 필요하시면, 131 450 번으로 TIS 에 전화하십시오

Serbian - Ако вам је потребна помоћ да преведете информације, назовите TIS на 131 450

Spanish - Si necesita ayuda para traducir esta información, llame al TIS al 131 450

Turkish - Bu bilgiyi tercüme etmek için yardıma ihtiyacınız varsa 131 450 numaradan TIS'i arayınız

Vietnamese - Nếu quý vị cần nhờ dịch thông tin này xin gọi cho TIS số 131 450

* May bayad ang mga tawag. 24 na oras na serbisyo.
** May bayad lamang ang mga tawag mula sa mga mobile at pay phone.

2539_31.18.03.09

medicare

Walang mga form. Walang mga pila. Walang mga alalahanin.

Maaari na ngayong mag-claim ng mga rebate sa Medicare sa pamamagitan ng elektronikong paraan sa mga klinika ng doktor. Ito ay isang ligtas at mabilis na sistema upang ikaw ay makapag-claim ng iyong rebate sa Medicare sa klinika ng iyong doktor kapag ikaw ay nagbayad sa iyong konsulta.

Ang resepsyonista sa klinika ng iyong doktor ay magsusumite ng iyong claim sa Medicare Australia alinman sa pamamagitan ng EFTPOS terminal ng klinika gamit ang iyong EFTPOS card o sa pamamagitan ng ligtas na koneksyon sa internet. Alinmang sistema ay babayaran sa iyong hinirang na bank account, hindi ka na kailangang magpunta sa tanggapan ng Medicare at maiiwasan ang abala ng pag-fill up ng mga form.

Paano ito isinasagawa?

Kung ang iyong doktor ay gumagamit ng sistema ng pag-claim sa pamamagitan ng EFTPOS– gamit ang iyong EFTPOS card – ang iyong rebate ay ibabayad sa iyong hinirang na cheque o savings account nang halos agad-agad. Tandaan lamang na dalhin ang iyong EFTPOS card kapag ikaw ay pumunta sa doktor.

Kung ang iyong doktor ay gumagamit ng sistema ng pag-claim sa pamamagitan ng internet, ang iyong rebate ay ibabayad sa iyong hinirang na cheque o savings account sa loob ng dalawa o tatlong araw na may trabaho. Upang simulan ang pag-claim sa ganitong paraan, kailangan mo lang magbigay sa Medicare Australia ng mga detalye ng bank account kung saan nais mong ibayad ang iyong rebate.

Paano ko irerehistro ang mga detalye ng aking bank account sa Medicare Australia?

Maaari mong irehistro ang mga detalye ng iyong bank account:

- sa pamamagitan ng pagkumpleto ng kalakip na Bank account details collection form
- sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011***
- nang personal sa isang tanggapan ng Medicare
- nang online sa pamamagitan ng aming mga Serbisyong Online sa **www.medicareaustralia.gov.au/online**

Tandaan na ihanda ang iyong Medicare card at mga detalye ng bank account (BSB, numero ng account at pangalan ng account) kapag ikaw ay nagrehistro. Ipaalam sa amin kung ang iyong mga detalye ay nagbago sa hinaharap.

Ano ang mangyayari kung ako ay siningil nang buo (bulk billed)?

Kung ikaw ay siningil nang buo, walang mga pagbabago.

Poprotektahan ba ang aking pagiging pribado?

Oo. Lahat ng impormasyong ipinadala sa elektronikong paraan sa pagitan ng klinika ng iyong doktor at ng Medicare Australia ay ligtas na nakakoda.

Ang mga pampinansyal na institusyon ay hindi pinahihintulutang magkolekta o magtago ng anumang impormasyong pangkalusugan.

Ang tanging impormasyong makikita sa iyong statement ay ang mga salitang 'Medicare' o 'Medicare rebate', numero ng reference at ang halaga ng rebate na ibinayad sa iyong account.

Ang mga detalye ng iyong account ay itinatago nang may mataas na antas ng seguridad, katulad din ng iyong mga detalye sa Family Assistance Office at Australian Taxation Office.

Paano ko malalaman kung maaaring mag-claim sa Medicare sa elektronikong paraan sa klinika ng aking doktor?

Magtanong lamang sa kawani ng resepsiyon sa susunod na ikaw ay bumisita sa iyong doktor.

Australian Government
Medicare Australia

Bank account details collection
Pagkokolekta ng mga detalye ng bank account

Mahalagang impormasyon

Kumpletohin ang form na ito kung nais mong irehistro at itago ng Medicare Australia ang mga detalye ng iyong bangko para sa layunin ng paggawa ng mga Kabayarang pang-Medicare para sa iyo.

Maaari mo ring irehistro ang mga detalye ng iyong bank account:

- sa pamamagitan ng pagtawag sa **132 011** (may bayad ang mga tawag)
- nang personal sa tanggapan ng Medicare
- sa pamamagitan ng internet sa **www.medicareaustralia.gov.au/online**

Tulong

Kung nais mo ng tulong sa pagkumpleto ng form na ito tumawag sa **132 011** (may angkop na mga bayad sa tawag) o bisitahin ang **www.medicareaustralia.gov.au**

Pagsusumite

Ipadala ang nakumpletong form sa:

Medicare Australia
GPO Box 9822
sa iyong kabiserang syudad
o ilagay ito sa drop box sa iyong lokal na tanggapan ng Medicare.

Isulat nang **BUONG MGA LETRA**

Lagyan ng tsek kung saan naaangkop ☑

Ang iyong mga detalye

1 Numero ng Medicare card

Ref no.

2 G. ☐ Gng. ☐ Bb. ☐ Ms ☐ Iba

Apelyido

Pangalan

3 Petsa ng kapanganakan

/ /

4 Tirahan

Postcode

5 Numero ng telepono sa araw

Email

@

6 Ibang mga tao na nasa Medicare card na gagamit ng bank account na ito para sa kanilang mga kabayaran

Pangalan	Ref no.

Mga detalye ng bank account

Tandaan: Ang mga kabayaran ay hindi maaaring ibayad sa mga account ng credit card, loan o mortgage

7 Pangalan ng bangko, building society o credit union

Sangay ng bangko kung saan nakatago ang iyong account

Numero ng Sangay (BSB)

–

Numero ng account (maaaring hindi ito ang numero ng iyong card)

Kung kanino/kani-kanino nakapangalan ang account

Tandaan: Kung kailangang ilista ang karagdagang mga tao, maglakip ng hiwalay na papel na may mga lagda nila.

Pahintulot

8 Kailangang lumagda ang mga taong lampas sa 14 na taon ang edad upang ibigay ang pahintulot para sa kanilang mga kabayaran na ibayad sa account na ito

Lagda ✍ Petsa / /

Lagda ✍ Petsa / /

Lagda ✍ Petsa / /

Lagda ✍ Petsa / /

Deklarasyon

9 Inidedeklara ko na ang:

Ang impormasyong ibinigay sa form na ito ay totoo at wasto. Ipagbibigay-alam ko nang walang pagka-antala sa Medicare Australia ang mga pagbabago sa mga detalye ng aking bank account.

Lagda ✍ Petsa / /

Tala sa pagiging pribado

Ang impormasyong ibinigay sa form na ito ay gagamitin upang irehistro at itago ang mga detalye ng iyong bangko para sa layunin ng pagbibigay ng mga kabarayan sa iyo sa elektronikong paraan mula sa mga programang pinamamahalaan ng Medicare Australia. Ang pagkolekta nito ay pinahintulutan ng *Medicare Australia Act 1973*. Ang mga detalye ng iyong bank account ay ipapaalam sa mga nauugnay na pampinansyal na institusyon upang mapadali ang pagbibigay ng mga kabayaran sa iyo at hindi ipapaalam sa anumang pangatlong partido maliban kung ito ay pinahintulutan o kinailangan ng batas.

1579a.13.03.09